# Ito ay Marapat at Matuwid

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Fr. Peter Cheng
Abril 30, 2022

Ang pampanguluhan at lokal na eleksyon ay ilang araw na lamang,ngunit napakarami pang tao ang hindi matukoy kung sino ang kanilang iboboto. Marami sa kanila ay nagdadalawang isip dahil sa pamilya, kaibigan, relihiyon o konsensya. Ang *Catholic Bishop Conference of the Philippines* ay nagpatawag sa mga botante na iboto lamang ang kandidato na "mapagkakatiwalaan ". Gayunpaman, sa lahat na mga impormasyon na kaugnay ng pulitika na nakapaskil sa *social media,*marami ang nahihirapan kung ano ang kaibahan ng totoo o kasinungalingan. Kaya, ito ay marapat at matuwid na malaman ang maka Diyos na pamantayan sa pagpili ng ' mapagkakatiwalaang' kandidato.

**1. Ano ang pamantayan sa pagpili ng tamang mga pinuno?**

**1.1 Dapat akayin tayong maging mapalapit sa Diyos.**Kung wala si Kristo wala tayong magagawa(Juan 15).Siya lang ang tanging makapag papabago ng ating buhay.May gagawin ang Diyos sa ating mga pinuno na may takot sa Kanya. Hindi lang ito ay marapat at matuwid na magbigay papuri at pasasalamat sa Diyos, ito ay kinakailangan.

**1.2 Dapat nilang tignan na ang kanilang katungkulan ay isang ministerio na naglilingkod sa Diyos at sa Kanyang kaharian.** Sila dapat ay instrumento ng Diyos na magbigay ng kaayusan sa buhay ng mga tao.Dapat matuto tayo sa Bibliya.May mga bagay na pinapahintulutan ng Diyos na mangyari kapag pinipili natin ang maling mga pinuno.Pinapahintulutan ng Diyos ang masamang espiritu upang mabago ang ating buhay(1Pedro 2:13).

**1.3 Dapat ang kanilang pagpapasya ay sa ikabubuti ng nakararami sa halip na sa pansarili lang nilang kapakanan.**Dapat nilang pagsumikapan ang mabuting pag aalaga sa mga tao.

**2. Ano ang dapat nating gawin upang ang lahat ng ito ay maging makatotohanan?**

**2.1 Dapat tayong manalangin**-Magdasal ng Santo Rosaryo upang labanan ang kasamaan(2 Cro.7:14).Kailangan ng matinding panalangin upang magamit natin ang kapangyarihang binigay sa atin bilang botante upang mahusay nating maipagtanggol, maisulong at maihayag ng buong-buo ang Kaharian ng Diyos; ang kaharian ng may tunay na kalayaan,hustisya,kapayapaan,kagalakan at pag-ibig sa lahat.

**2.2 Dapat tayong maging tapat at makilahok**.Ang ating karapatang bumoto ay regalo mula sa Diyos na hindi natin dapat baliwalain.Bilang mabuting katiwala sa regalo ng Diyos,mahalagang makilahok sa eleksyon at ating gamitin ang karapatang maghalal.Upang mapabuti at mabago ang ating mundo upang ang mundong ating ginagalawan ay maging katulad ng kaharian ng Diyos.

**2.3 Siguraduhin nating meron tayong kalayaang pumili at alam ang tama at mali.**Masusi nating alamin ang kalagayan ng kandidato sa kanilang mga isyu sa buhay,isamang tignan ang kanilang plataporma at ng partidong kanilang kinakatawan.

**2.4 Dapat alam natin ang katotohanan dahil ang katotohanan ang magpapalaya sa atin.**Dapat nating alamin ang katotohanan at pag aralan ang talaan ng mga ginawa at mga tagumpay ng isang kandidato.

**2.5 Dapat nating panindigan ang ating pagiging Kristiyano/Katoliko ang ating pagpipilian**.Maghalal tayo ayon sa dinidikta ng ating konsensya na nakakaunawa ng tamang ugnayan ng kabutihang moral. Hayaan nating maghari ang Diyos sa ating pulitika.

**Konklusyon:**

Tayo ay inuutusang makilahok sa prosesong pampulitika,at hikayatin ang mga nahalal ng mga opisyal na kumilos sa ngalan ng ikabubuti ng lahat.**Sa pagpili sa ating politikong mga pinuno,ito ay marapat at matuwid na manatili tayong tapat sa ating Panginoong Hesu-Kristo at maging tunay na saksi ng kanyang mga Kasulatan.**

**Pagninilay:**

Nakapag desisyon ka na ba kung sino ang iyong ihahalal sa darating na eleksyon? Nakapasa ba sila sa tatlong pamantayan?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Mapagkakatiwalaan